3.Mga pamamaraan na nagbibigay ng tamang gabay sa pagbibigay ng tamang sustansiya sa palay gaya ng paggamit ng LCC, MOET, RCM at Soil Test Kit



Leaf Color Chart (LCC)
Sinusukat nito ang nitrohenong kailangan ng palay batay sa tingkad ng kulay ng dahon nito.

Minus-one Element Technique (MOET)
Ito ay eksperimento gamit ang mga paso at *ICT-based* application. Tinutukoy nito ang kakulangan ng sustansiyang kailangan para sa minimithing dami ng ani.



Rice Crop Manager (RCM)
Isa itong *ICT-based* platform na nagbibigay ng tiyak na rekomendasyon sa tamang sustansiya at iba pang pamamahala ng palay base sa sagot sa mga katanungan sa pagpapalayan.

Soil Test Kit
Gamit sa pagsuri ng lupa at mabilis na paraan sa pagtukoy ng *soil health* at pagtugon sa kaukulang sustansiyang kailangan ng lupa ayon sa pananim

DEPARTMENT OF AGRICULTURE IV-CALABARZON
LIPA AGRICULTURAL RESEARCH AND EXPERIMENT STATION (LARES) BRGY. MARAOUY, LIPA CITY, BATANGAS

REGIONAL AGRICULTURE AND FISHERIES INFORMATION SECTION
2022

DA4CALABARZON
rafis@calabarzon.da.gov.ph
www.calabarzon.da.gov.ph
DEPARTMENT OF AGRICULTURE REGION IV-A

BALANCED FERTILIZATION STRATEGY

Abonong Swak: Swak sa Budget, Swak sa Palay

Ano ang Balanced Fertilization Strategy (BFS)?

Ang BFS ay isang pamamaraan ng pag-aabono kung saan pinahahalagahan ang tamang paggamit ng organiko at inorganikong pataba na may angkop na sustansya upang matustusan ang nutrisyunal na pangangailangan ng pananim, at matiyak na mapanatiling malusog ang lupa para sa masaganang ani sa mahabang panahon.

Ito ay gumagamit ng konseptong 4Rs sa pag-aabono: *Right Source, Right Placement, Right Amount,* at *Right Rate* upang mapaganda ang kalidad ng lupa, maiwasan ang pagbaba ng *soil fertility* at matugunan ang mataas pangangailangan sa pataba, maging ang presyo nito. (*source FPA*)

Batayan sa Paggamit ng Pataba

Tamang uri

tamang sustansya na kailangan ng palay

Tamang dami



ang sobra o kulang ay nakasasama sa palay

Tamang panahon/tiyempo



upang mapakinabangan ng palay ang sustansiyang ilalagay

ABONONG SWAK Swak sa budget, swak sa palay

Rekomendasyon:

1. Tamang paggamit ng organiko at inorganikong pataba na may angkop na sustansya.

Ang organikong pataba ay nakakatulong upang mapataas o mapanatili ang nilalamang organismong makakatulong mapanumbalik ang magandang kundisyon ng lupa sa palayan. Mapararami nito ang mga microorganisms na tumutulong sa pagbigay ng sustansya sa lupa

Ano ang maitutulong ng BFS sa mga magsasaka?

Matutugunan nito ang isyu sa patuloy na pagtaas ng presyo ng abono



Matutugunan ang sustansyang pangangailangan ng palay



Makabawas sa gastusin sa pagbili ng inorganikong pataba sa pamamagitan ng *nutrient recycling*

2.Mamili ng tamang kombinasyon ng organiko at inorganikong pataba:

Tiyempo	Combo 1 ani: 3,000-4,000kg/ha	Combo 2 ani: 5,000-6,000kg/ha	Combo 3 ani: 7,000-8,000kg/ha
30 araw bago maglipat-tanim	3,000-4,000kg dayami: Ikalat sa palayan o pabulukin	5,000-6,000kg dayami: Ikalat sa palayan o pabulukin	7,000-8,000kg dayami: Ikalat sa palayan o pabulukin
14 araw bago maglipat-tanim	Ikalat sa palayan ang 10 sako ng dumi ng manok na pinatuyo sa hangin, komersyal na organikong pataba o vermicompost		
Punlaan 7-10 DAS	-	Ihalo sa punlaan: 1-2 kilo zinc sulfate	
Punlaan 10-14 DAS	2-4 kilo 14-14-14	2-4 kilo 14-14-14	2-4 kilo 14-14-14
PARA SA BARAYTING 100PARA SA BARAYTING 100 110 ARAW ANG PAGGULANG			
Unang pagpapataba habang lumalaki: (0-14DAT o 10-14DAS)	1 sako 14-14-14	2 sako 14-14-14 o 16-20-0	4 sako 14-14-14
Ika-2 pagpapataba: Pagsusuwi (18-22DAT o 24-28DAS)	-	1 sako urea	2 sako urea
Ika-3 pagpapataba: Paglilihi (28-32DAT o 38-42DAS)	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	2 sako urea at 1 bag 0-0-60
PARA SA BARAYTING 111-120 ARAW ANG PAGGULANG			
Unang pagpapataba habang lumalaki (0-14 DAT o 10-14 DAS)	1 sako 14-14-14	2 sako 14-14-14 o 16-20-0	4 sako 14-14-14
Ika-2 pagpapataba: Pagsusuwi (22-26 DAT o 32-36 DAS)	-	1 sako urea	2 sako urea
Ika-3 pagpapataba: Paglilihi (32-36 DAT o 48-53DAS)	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	2 sako urea at 1 bag 0-0-60
PARA SA BARAYTING 121-130 ARAW ANG PAGGULANG			
Unang pagpapataba habang lumalaki (0-14 DAT o 10-14 DAS)	1 sako 14-14-14	2 sako 14-14-14 o 16-20-0	4 sako 14-14-14
Ika-2 pagpapataba: Pagsusuwi (26-31 DAT o 36-40 DAS)	-	1 sako urea	2 sako urea
Ika-3 pagpapataba: Paglilihi (36-40 DAT o 58-62 DAS)	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	1 sako urea at 0.5 bag 0-0-60	2 sako urea at 1 bag 0-0-60